



Private Infrastructure
Development Group



MGA PATAKARAN SA PAGLIGTAS NG BUHAY NG HSES

**BINABAGO ANG MGA BUHAY
NILILIGTAS ANG MGA BUHAY**



Ang responsableng pamumuhunan ay nangangailangan ng malakas na pamamahala ng Health, Safety, Environmental and Social (HSES). Kinikilala namin sa PIDG na para matugugan ang mga pinahahalagahan namin at maihatid ang responsableng pamumuhunan na paniwalaan namin na dapat naming siguruhin na ang malakas na pamamahala ng HSES ay tumatakbo sa mga kompanya namin at nasa puso ng aming operasyon.

Ang mabisang pamamahala ng HSES ay nakakabawas sa mga peligro sa ating mga tao, mga trabahador, ating mga kontratista at ating mga kapitbahay; binabawasan ang peligro sa kapaligiran at bumubuo ng katatagan sa klima. Ang pagpapatupad ng mabuting kasanayan sa HSES ay dumaragdag na kaugnay ng malawak na saklaw ng mga benepisyo sa negisyo, kasama ang access sa mga merkado, dagdag na oportunidad sa pamumuhunan, bawas na turnover ng empleyado, pagiging episyente sa gastos, pinahusay na reputasyon, at nagbibigay ng panlipunang lisensiyang magpatakbo.

Itinatakdang na ito ang ating **12 life-saving rules (LSR)**.



Hindi nilalayon ang **12 life-saving rules** para tugunan ang lahat ng peligro at panganib sa PIDG portfolio; nilalayon ang mga ito para mabigyan ng atensiyon ang mga pinakamalamang na magdudulot ng pagkamatay, at ang mga pagkilos sa pagligtas ng buhay kung saan ang indibiduwal ay karaniwang may kontrol.

Ang Mga Pamantayan ng PIDG HSES ay mailalapat sa:

- lahat ng tao sa PIDG
- lahat ng kompanya ng PIDG
- lahat ng mga proyekto ng PIDG*



Sa PIDGay binabago natin ang mga buhay, pero dapat taong ‘magligtas ng mga buhay’ at siguruhin sa lahat ng mga tao sa lahat ng ating portfolio **“Ligtas na umuwi – lagi.”**

*kung saan ang PIDG at ang mga kompanya nito ay ang namumuhunan/
nagpapahiram, kasama ang mga consultant at kontratista.

Pangkalahatang pagpapatupad

Mga basic na inaatas

May mga basic na inaatas na kailangang maitalaga para masiguro ang mabisang pagpapatupad ng mga patakaran sa pagligtas ng buhay:

- Lahat ng mga induction ng HSES ng site ay dapat isama ang mga patakaran sa pagligtas ng buhay o katumbas;
- Lahat ng mga tauhan ay sasanayin at gagawing may kakayahan para sa trabahong ginagawa nila;
- Hindi magsasagawa ng trabaho nang walang pagtatasa sa peligro bago ang pagtatrabaho at pangkaligtasang talakayan, tulad ng toolbox talk, angkop sa lebel ng peligro;
- Maglalaan ng angkop na Personal Protective Equipment (PPE) at isusuot ito ayon sa mga inaatas na natukoy ng pagtatasa sa peligro at mga polisiya sa lugar ng trabaho;
- Ang mga plano sa emerhensiyang pagtugon, na gawa mula sa pagrepaso ng mga potensiyal na senaryong pang-emerhensiya, ay itatalaga na kasama ang angkop at sapat na mga dulugang magagamit, bago simulan ang trabaho;
- Ang lahat ng tao ay awtorisadong hindi simulan ang trabaho kung hindi ito ligtas;
- Ang lahat ng tao ay awtorisadong ihinto ang pagtatrabaho kung may duda sila sa kaligtasan ng aktibidad; at
- Ang mga peer to peer na pamamagitan ay dapat hikayatin alinsunod sa pagsunod sa mga patakaran sa pagligtas ng buhay.

Personal na kaligtasan

Ang kompanyang nagpapatupad ng proyekto ay inaatasang siguruhin na ang kailangang tauhan, pagsasanay, kagamitan at mga dulugan ay nilaan upang suportahan ang mabisang pagpapatupad ng mga patakaran sa pagligtas sa buhar na kaugnay ng personal na kaligtasan.

Pagmamaneho

May mga pamantayan ang PIDG sa transportasyon sa lupa na tumutugon sa pamamahala ng paglalakbay at mga inaatas sa personal na kaligtasan.

Ang mga pamantayang ito ay dapat makatulong sa mga organisasyong nagpapatupad sa mga patakaran sa pagligtas ng buhay na kaugnay sa pagmamaneho.





Kaligtasan sa site

Ang mga patakaran sa pagligtas sa buhay na kaugnay sa kaligtasan sa site, ay nag-aatas sa kompanyang nagpapatupad ng proyekto na malinaw na isaad ang mga inaatas para sa bawat isa sa mga napili nilang patakaran, kasama sa mga halimbawa ang

- Pagtatalaga ng mga mapanganib na lugar o sona; at
- Ligtas na layo sa pagtatrabaho mula sa mga overhead na linya ng kuryente.

Kontrol sa trabaho

Ang mga proyekto ng PIDG at/o mga kontratista ay may nakatalagang pamamaraan at mga tagubilin sa pagtatrabaho para ligtas na kontrolin ang trabaho. Kasama sa mga nasabing kontrol ang pero hindi limitado sa:

- *Mga sistema sa pahintulot sa pagtatrabaho.

*Ang sistema sa pahintulot-sa-pagtatrabaho ay isang pormal na nakasulat na sistemang ginagamit para kontrolin ang ilang klase ng trabaho na potensiyal na mapanganib. Ang pahintulot-sa-pagtatrabaho ay isang dokumento na tumutukoy sa trabahong gagawin, nino at mga pag-iingat na gagawin.

Pahintulot na SIMULAN at IHINTO ang trabaho


Ang bawat trabahador ay may kapangyarihan na hindi simulan ang trabaho hanggang matiyak sa trabahador na ang mga tamang pag-iingat ay nakatalaga para pahintulutan ang gawaing mabigo nang walang kahihinatnan sa mga trabahador.

Ang lahat ng mga trabahador ng puwersa ng manggagawa ay dapat makaunawa na may responsibilidad at awtoridad silang mamagitan at ihinto ang trabaho kung naobserbahan nila ang potensiyal o aktuwal na hindi pagtupad sa mga patakaran sa pagligtas ng buhay o anumang ibang hindi ligtas na aktibidad.

Ang mga kompanya, proyekto at mga kaugnay na kontratista ng PIDG, PIDG ay magtataguyod ng pagpapaunlad ng kultura na humihikayat sa mga indibiduwal na mamagitan at pinahihintulutan lang ang trabahong maisagawa kapag may mga tamang pag-iingat na nakatalaga. Kung may maganap na paglabag sa patakaran, dapat malaman ng mga trabahador na dapat nilang abisuhan ang superbisitor nila o taong namamahala ng aktibidad ng trabaho (o mas mataas na lebel ng pamamahala) agad.

01. PAGMAMANEHO

Huwag kailanman gumamit ng hinahawakang device habang nagmamaneho. Laging sundan ang limitasyon ng tulin at magsuot ng sinturong pangkaligtasan.



Kung ikaw ay isang propesyonal na tsuper, dapat mong:

- Hindi galawin ang sasakyan hanggang ang lahat ay may suot na sinturong pangkaligtasan;
- Hindi gumamit ng cellphone o device, magpadala o magbasa ng text message, o gumamit ng hands-free mobile phone device o hand-held radio;
- Manatili sa o mas mababa sa maximum na pinahihintulatang tulin para sa kalye kung saan ka nagmamaneho ayon sa mga karatula sa kalye o mga tagubilin sa pamamahala ng paglalakbay;
- Manatili sa o mas mababa sa maximum na pinahihintulutan na tulin para sa sasakyang minamaneho mo; at
- Ayusin ang tulin mo sa mga umiiral na kundisyon;
- Siguruhin na maayos ang kalusugan mo, nakapagpahinga at ganap na alerto habang nagmamaneho.

Kung ikaw ang superbisor o taong namamahala sa mga tsuper, dapat mong:

- Siguruhin na ang lahat ng mga propesyonal na tsuper ay sumasailalim sa medikal na surveillance; at
- Magpanatili ng database ng lisensiya at pahintulot sa pagmamaneho.

Kung pasahero ka, dapat kang:

- Mamagitan kung ang tsuper ay gumagamit ng telepono o ibang device kapag umaandar ang sasakyan;
- Mamagitan kung ang tsuper ay lumalagpas sa maximum na pinahihintulatang tulin o pabagobagong pagmamaneho;
- Laging gumamit ng sinturong pangkalusugan;
- Suriin na maayos na gumagana ang sinturong pangkalusugan mo; at
- Mamagitan kung ang mga kapwa mong pasahero ang walang suot nito.

02. DROGRA AT ALAK

Huwag kailanman magtrabaho o magmaneho habang nasa impluwensiya ng mga droga o alkohol.



Ang paggamit ng alkohol o ilegal na droga, o maling paggamit ng mga legal na droga o ibang sangkap, ay makakabawas sa kakayahan mong ligtas na gawin ang trabaho mo.

Dapat kang:

- Laging abisuhan ang superbisor o ang taong namamahala kung umiinom ng gamot kung may epekto ito sa pagganap mo sa trabaho;
- Kung may duda, laging magtanong sa iyong superbisor o taong namamahala kung sino ang maaaring humingi ng medikal na payo;
- Huwag gumamit, magtabi, magtinda o mamahagi ng mga ilegal na droga o alkohol sa trabaho; at
- Mamagitan kung makakita ka ng kaso ng pang-aabuso ng alkohol o droga.

03. PAMAMAHALA SA BIYAHE

Sumunod sa plano sa pamamahala ng paglalakbay para sa mahahabang paglalakbay, mga kapaligiran ng mataas na seguridad, at/o hindi-karaniwang biyahe sa lungsod.



Ang isang plano sa pamamahala ng paglalakbay ay isang plano para sa iyo bilang tsuper at pasahero na makakatulong sa iyong magbiyahe at makarating nang ligtas.

Kung tsuper ka, dapat kang:

- Kumpirmahin ang plano sa pamamahala ng paglalakbay ay kailangan bago simulan ang paglalakbay (karaniwang kailangan sa mga mahahabang paglalakbay, sa mga kapaligiran na mataas ang seguridad, o para sa hindi karaniwang pagbiyahe sa lungsod);
- Talakayin ang plano sa pamamahala ng paglalakbay sa awtorisadong tao – karaniwang ang travel coordinator;
- Inspeksiyunin ang sasakyan at siguruhin na may sapat kang kagamitan na angkop sa paglalakbay (tubig, pagkain, first-aid kit, ekstrang gulong, atbp.);
- Maunawaan ang plano sa pamamahala ng paglalakbay bago simulan ang paglalakbay;
- Sumunod sa mga oras ng pagmamaneho at pagpapahinga na tinukoy sa plano sa pamamahala ng paglalakbay;

- Sundin ang rutang nakatukoy sa plano sa pamamahala ng paglalakbay; at
- Sabihin agad sa awtorisadong tao kung may maganap na mga pagbabago.

Kung ikaw ang superbisor o taong namamahala, dapat mong:

- Suriin kung nakatalaga na ang plano sa pamamahala ng paglalakbay at nasusunod;
- Alamin kung nauunawaan ng tsuper at sumusunod sa plano sa pamamahala ng paglalakbay; at
- Subaybayan ang lahat ng aktibong plano sa pamamahala ng paglalakbay.

04. KALIGTASAN AT SEGURIDAD NG TAUHAN

Kaligtasan at seguridad ng tauhan – mga insidente ng karahasan at isolated na trabaho. Huwag kailanman magbiyahe nang mag-isa sa mga malayuang site. Ilista kung nasaan ka.



Alamin ang mga peligro mo kapag nagbibiyahang sa mga malayong site. Ang mga biyahero ay nasa mas mataas na peligro dahil hindi nila ito kabisado.

Kung ikaw ang paglalakbay o trabahador, dapat kang:

- Huwag kailanman magbiyahe nang mag-isa sa site ng proyekto;
- Huwag kailanman magbiyahe sa isang sasakyan kasama ang mga armadong guwardiya, laging magbiyahe sa hiwalay na convoy na sasakyan;
- Laging abisuhan ang superbisitor mo o ang taong namamahala kung balak niyong magbiyahe sa malayong site;
- Sumunod sa plano sa paglalakbay o pagbiyahe at mag-check-in sa pagdating;
- Laging iulat ang anumang mapanghinalang aktibidad o alalahanin; at
- Panatilihin ligtas ang iyong accommodation sa pagbiyahe at alamin ang iyong mga pang-emergency na numero ng telepono.

Kung ikaw ang superbisitor o taong namamahala sa pagbiyahe o aktibidad na mag-isa sa trabaho, dapat mong:

- Kumpirmahin kung nagsagawa ng pagtatasa sa peligro sa pagbiyahe, kung inaatas;
- Irepaso sa biyahero ang mga peligrong kaugnay sa pagbiyahe para siguruhin na nauunawaan ng biyahero ang peligro; at
- Kapag ang mga trabahador ay aatasang magsagawa ng trabaho nang mag-isa o sa mga naka-isolate na sirkumstansiya, dapat gumawa ng mga Standard Operating Procedure (SOP) at ipatupad.

LAHAT NG 12 LIFE-SAVING RULES (LSR)



01. PAGMAMANEHO



02. DROGRA AT ALAK



**05. PAHINTULOT
NA MAGTRABAHO**



06. OVERRIDE NG SISTEMA



09. PAG-ANGAT



10. PAGHUKAY



**03. PAMAMAHALA SA
BIYAHE**



**04. KALIGTASAN AT
SEGURIDAD NG TAUHAN**



**07. PAGTATRABAHO SA
MATAAS NA LUGAR**



**08. KULONG
NA ESPASYO**



**11. MGA GUMAGALAW
NA BAGAY**



12. PAG-ISOLATE

05. PAHINTULOT NA MAGTRABAHO

Laging siguruhin na ang mga inaatas na plano at pahintulot ay nakatalaga, bago ka magsimula ng trabaho.



Inilalarawan ng pahintulot sa pagtatrabaho ang kailangan mong gawin para manatiling ligtas.

Kung isinasagawa mo ang trabaho, dapat kang:

- Unawain ang pahintuloy sa trabaho at sundin ito;
- Kumpirmahin na ang pahintulot sa pagtatrabaho at balido; at
- Kumpirmahin sa inyong superbisor o taong namamahala sa trabaho na ligtas nang magsimulang magtrabaho.

Kung ikaw ang superbisor o taong namamahala sa trabaho, dapat mong:

- Kumpirmahin na pahintulot sa pagtatrabaho ay inaatas para sa trabahong ito;
- Kumpirmahin na ang lugar ng trabaho ay ininspeksiyon bago magsimula ang trabaho;
- Ipaliwanag kung paano ka pinananatiling ligtas ng pahintulot sa pagtatrabaho;
- Kumpirhamhin na nilagdaan ang pahintulot sa pagtatrabaho;
- Kumpirmahin na ligtas nang magsimulang magtrabaho;
- Kumuha ng bagong pahintulot sa trabaho kapag nagbago ang trabaho o ang sitwasyon; at
- Kumpirmahin na nakumpleto na ang trabaho.

06. OVERRIDE NG SISTEMA

Override ng pangkaligtasang sistema - huwag kailanman i-off ang mga pangkaligtasang sistema o mga alarma.



Mga halimbawa ng mga kagamitan sa pangkaligtasang sistema ang:

- Mga pang-isolate na device, mga emergency shut-down valve, lock-out-tag out device, trip system, relief valve, atbp.;
- Mga sistema sa alarma ng sunog at gas, ilang kontrol sa lebel, mga alarma, mga crane computer, in-vehicle monitoring system;
- Mga alarma para sa usok sa bahay; at
- Mga Residual Current Device (mga RCD).

Kung isinasagawa mo ang trabaho, dapat kang:

- Kumuha ng pahintulot mula sa iyong superbisor o taong namamahala bago i-override o hindi paganahin ang kagamitan na kritikal sa kaligtasan.

Kung ikaw ang superbisor o taong namamahala sa trabaho, dapat mong:

- Ituro ang kagamitang kritikal sa kaligtasan sa lugar ng trabaho niyo; at
- Kumpirmahin na ang pahintulot ay mula sa tamang lebel.

07. PAGTATRABAHO SA MATAAS NA LUGAR

Protektahan ang sarili mo laban sa pagkahulog kapag nagtatrabaho sa mataas na lugar.



Kasama ng protektadong kapaligiran ang mga aprubadong harness, scaffold, hagdagang may hawakan, at mga pang-angat ng tao.

Ang mga pamamaraan para mapigilan ang pagkahulog at proteksiyon ay dapat ipatupad kailanman ang isang trabahador ay nalantad sa peligro na mahulog ng mahigit sa dalawang metro.

Kung isinasagawa mo ang trabaho, dapat kang:

- Magkaroon ng pahintulot na magtatrabaho sa mataas na lugar;
- Alamin kung anong kagamitan sa proteksiyon sa pagkahulog ang gagamitin at paano gamitin ito;
- Suriin ang kagamitan at mgad scaffold bago gamitin ito;
- Laging mag-tie-off kapag nasa mataas na lugar sa labas ng kapaligiranag nagbibigay ng proteksiyon; at
- Panatiliing ligtas ang mga kasangkapan at materyales sa pagtatrabaho para mapigilan ang mga nahulog na gamit.

Kung ikaw ang superbisor o taong namamahala sa trabaho, dapat mong:

- Kumpirmahing ligtas magsimula at magpatuloy na magtatrabaho sa mataas na lugar;
- Siguruhing maayos ang pagkakagawa ng mga scaffold at ininspeksiyon; at
- Siguruhin na ang mga bukas sa sahig ay protektado ng mga pisikal na hadlang.

08. KULONG NA ESPASYO

**Kumuha ng pahintulot
bago pumasok sa kulong
na espasyo.**



Ang nakakulong na espasyo, tulad ng vessel, tangke, o pipe ay maaaring maglaman ng sumasabog na gas, nakakalasong hangin o mga ibang peligro tulad ng kakulangan sa oxygen.

**Kung isinasagawa mo ang trabaho,
dapat kang:**

- Suriin at gumamit ng panghinganng aparato kapag kailangan;
- Kumpirmahin na may attendant na naka-stand-by;
- Kumpirmahin na mag plano sa pagsagip na nakatalaga;
- Kumuha ng pahintulot na pumasok;
- Sundin ang mga inaatas ng pahintulot sa pagtatrabaho; at
- Magkaroon ng pamamaraan sa komunikasyon.

**Kung ikaw ang superbisor o taong
namamahala sa trabaho, dapat mong:**

- Kumpirmahin na ang mga inaatas ng pahintulot sa pagtatrabaho ay nakatalaga;
- Siguruhin na ang atmosphere sa loob ng nakakulong na espasyo ay nasuri para masiguro na ang nilalamang oxygen at ang pagkakaroon ng anumang sumisiklab na gas o vapour ay hindi lagpas sa mga limitasyon;
- Kumpirmahin na ang kuwalipikadong attendant ay laging naroon kapag ang mga tao ay nasa nakakulong na espasyo;
- Kumpirmahin na magsagawa ng pagsusuri sa hangin ay isinagawa ayon sa pahintulot sa pagtatrabaho; at
- Kumpirmahin na ligtas nang magsimulang magtatrabaho.

09. PAG-ANGAT

Planuhin ang mga operasyon sa pag-angat at kontrolin ang lugar.



Ang plano sa pag-angat ay naglalarawan kung paanong ligtas na mag-angat at mag-hoist. Para sa mga rutinang pag-angat, kailangan ng pangkalahatang plano sa pag-angat. Para sa mga hindi-rutinang pag-angat, kasama ang masalimuot at mabibigat na pag-angat, partikular ang plano.

Ang mga nagpapatakbo ng pang-angat na kagamitan ay dapat:

- Patakbuhin lang ang kagamitan na kuwalipikado kang gamitin;
- Maunawaan ang plano sa pag-angat bago simulan ang trabaho;
- Kumpirmahin na ang kargado ay hindi lagpas sa kakayahan ng kagamitan sa pag-angat;
- Kumpirmahin na ang crane ay lebel at nakaposisyon sa solidong patungan; at
- Patotohanan na ang mga pangkaligtasang device sa kagamitan sa pag-angat ay nakakabit at tumatakbo.

Kung ikaw ang superbisor o taong namamahala sa trabaho, dapat mong:

- Kumpirmahin na may nakatalagang pangkalahatan o partikular na plano sa pag-angat, depende sa klase ng pag-angat;
- Kumpirmahin na nauunawaan ng at sumusunod ang crane operator sa plano sa pag-angat;
- Kumpirmahin na ang mga taong namamahala o nagsasagawa ng mga operasyon sa pag-angat at nag-iinspeksiyon at nagmementina sa kagamitan sa pag-angat at nasanay at may kakayahan;
- Patotohanan na ang kagamitang gagamitin sa pag-angat ay tama; at
- Kumpirmahin na ang mga pamamaraan sa pagsenyas at komunikasyong kailangan sa pagpapatakbo ng pag-angat ay sinang-ayunan at malinaw.

10. PAGHUKAY

Kumuha ng pahintulot bago simulan ang mga aktibidad sa paghuhukay.



Ang mga aktibidad sa paghuhukay ay maaaring maglaman ng mga peligro tulad ng mga kable ng kuryente, mapanganib na materyales, hindi sumabog na ordnance, pagtumba ng mga dingding o hinukay na materyales. Suriin na ligtas nang magsimulang magtrabaho.

Kung isinasagawa mo ang trabaho, dapat kang:

- Kumpirmahin sa inyong superbisitor o taong namamahala sa trabaho na ligtas nang magsimulang magtrabaho;
- Magsagawa ng detalyadong pagkilala at pagmamarka ng lahat ng nakalibing na wiring ng kuryente o ibang peligro bago ang anumang paghuhukay;
- Sundin ang mga angkop na inaatas sa pahintulot sa pagtatrabaho; at
- Humintong magtrabaho at abisuhan ang superbisitor mo kung may anumang hindi inaasahan ang mangyari.

Kung ikaw ang superbisitor o taong namamahala sa trabaho, dapat mong kumpirmahin na:

- Nakatalaga ang lahat ng mga inaatas sa pahintulot sa pagtatrabaho (hal. kulong na espasyo, pag-isolate, atbp.);
- Ang mga hadlang at karatula ay nakatalaga para mapigilan ang access sa mga site ng paghuhukay;
- Ang isang pagtatasa sa peligro sa site ng trabaho ay isinagawa ng (mga) may kakayahang tao kasama ang : natukoy na mga peligro hal. pagmamarka sa ruta ng kable/pipeline; klasipikasyon ng lupa at pagsusuri;
- Ang paggalaw ng lupa ay kontrolado para mapigilan ang pag-collapse (hal. shoring, sloping, paglalagay ng lupa, atbp.); at
- Ang katatagan ng lupa ay iinspeksiyunin bago ang pagtatrabaho at makalipas ang mga masamang kundisyon ng panahon.

11. MGA GUMAGALAW NA BAGAY

Ilayo ang sarili mo at ang ibang tao sa daan ng mga gumagalaw na bagay at makina.



Kung isinasagawa mo ang trabaho, dapat kang:

- Iposisyon ang sarili mo para maiwasan ang: mga gumagalaw na bagay, mga sasakyan at mga nahulog na gamit;
- Itaguyod at sundin ang mga hadlang at mga sona ng eksklusyon;
- Kumilos para ipirmi ang mga gumagalaw ng bagay at iulat ang potensiyal na mahuhulog na bagay;
- Unawain ang mga peligrong banta ng mga gumagalaw na sasakyan at planta sa site;
- Manatili sa mga designadong ruta ng pedestrian;
- Huwag maglakad sa likod ng gumagalaw na planta o mga sasakyan; at
- Huwag kailanman matulog nang malapit, sa ilalim o sa mga sasakyan o planta.

Kung ikaw ang taong namamahala sa trabaho, dapat mong:

- Markahan ang hindi ligtas na lugar / mga mapanganib na sona at maglagay ng mga hadlang sa lugar;
- Siguruhin na walang sinuman ang naglalakad sa ilalim ng nakasuspinding kargado; at
- Suriin na ang lahat ng naaalis na guarding device o mekanismo ay nakatalaga.

12. PAG-ISOLATE

Patunayan ang pagka-isolate bago magsimula ang trabaho at laging subukan bago hipuin. Huwag kailanman magtrabaho sa ilalim ng mga linya ng kuryente.



Ang pag-isolate ay hinihiwalay ka mula sa peligro, tulad ng kuryente, pressure oil at mga kemikal, mga maiinit na likido o radiation.

Kung isinasagawa mo ang trabaho, dapat kang:

- Natukoy at minarkahan ang peligro sa lahat ng pagkukunan ng enerhiya sa lugar ng trabaho mo;
- Kumpirmahin na ang mga mapanganib na pagkukunan ng enerhiya ay na-isolate;
- Suriin na walang enerhiya at nasuri; at
- Huwag kailanman magtrabaho sa ilalim ng mga energized na linya ng kuryente.

Kung ikaw ang superbisor o taong namamahala sa trabaho, dapat mong:

- Kumpirmahang nakatalaga ang isolation;
- Kumpirmahang walang nakaimbak na enerhiya o ibang peligro ang nananatili;
- Kumpirmahin na ligtas nang magsimulang magtrabaho;
- Pigilan / ihinto ang pagtatrabaho sa ilalim ng mga energized na linya ng kuryente; at
- Magtalaga ng mga sona na "walang lalapit" sa paligid o sa ilalim ng mga high voltage na linya ng kuryente.

Mga tala: _____





www.pidg.org

Ligtas na umuwi – lagi